

Aligning Our Will with His

By Elder Ulisses Soares
Of the Quorum of the Twelve Apostles

Pag-ayon ng Ating Kalooban sa Kanyang Kalooban

Ni Elder Ulisses Soares
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

October 2024 general conference

Following the Lord's will in our life will enable us to find the most precious pearl in the world—the kingdom of heaven.

On a certain occasion, the Savior spoke of a merchant man who was searching for “goodly pearls.” During the merchant man’s search, he found one “of great price.” However, in order to acquire the magnificent pearl, this man had to sell all his possessions, which he promptly and joyfully did.

Through this short and thoughtful parable, the Savior beautifully taught that the kingdom of heaven is likened unto a priceless pearl, truly the most precious treasure that should be desired over all else. The fact that the merchant instantly sold all his possessions to obtain that valuable pearl clearly indicates that we should align our mind and desires with the will of the Lord and willingly do everything we can during our mortal journey to attain the eternal blessings of God’s kingdom.

To be worthy of this great reward, we certainly need, among other things, to give our best effort to set aside all self-centered pursuits and abandon any entanglement that holds us back from full commitment to the Lord and His higher and holier ways. The Apostle Paul refers to these sanctifying pursuits as “hav[ing] the mind of Christ.” As exemplified by Jesus Christ,

Ang pagsunod sa kalooban ng Panginoon sa buhay natin ay magbibigay sa atin ng kakayahang mah-anap ang pinakamahalagang perlas sa mundo—ang kaharian ng langit.

Sa isang partikular na pagkakataon, nag-salita si Jesus tungkol sa isang mangangalakal na naghahanap ng “magagandang perlas.” Sa paghahanap ng mangangalakal, natagpuan niya ang isang perlas na “mamahalin.” Gayunman, upang makuha ang kahanga-hangang perlas, ang lalaking ito ay kinailangang ipagbili ang lahat ng mayroon siya, na kaagad at maligaya niyang ginawa.

Sa pamamagitan ng maikli at makahulugang talinghagang ito, mahusay na itinuro ng Tagapagligtas na ang kaharian ng langit ay inihalintulad sa walang kasinghalagang perlas, na talagang pinakamahalagang kayamanan na dapat naisin kaysa sa lahat ng iba pang bagay. Ang katotohanan na agad na ipinagbili ng mangangalakal ang lahat ng mayroon siya upang makuha ang mahalagang perlas na iyon ay malinaw na nagpapakita na nararapat nating iayon ang ating isipan at pagnanais sa kalooban ng Panginoon at kusang-loob na gawin ang lahat ng makakaya sa ating paglalakbay sa buhay na itoupang matamo ang walang hanggang mga pagpapala sa kaharian ng Diyos.

Upang maging karapat-dapat sa dakilang gantimpalang ito, talagang kailangan natin, bukod sa iba pang mga bagay, na ibigay ang lahat ng makakaya natin para isantabi ang makasariling mga hangarin at iwan ang anumang gusot na pumipigil sa atin pabalik sa pagiging lubos na tapat sa Panginoon at sa Kanyang mas mataas at mas banal na mga paraan. Tinukoy ng Apos-

this means “[doing] always those things that please [the Lord]” in our lives, or as some people say nowadays, this is “doing what works for the Lord.”

In a gospel sense, “[doing] always those things that please [the Lord]” relates to submitting our will to His will. The Savior thoughtfully taught the importance of this principle while instructing His disciples:

“For I came down from heaven, not to do mine own will, but the will of him that sent me.

“And this is the Father’s will which hath sent me, that of all which he hath given me I should lose nothing, but should raise it up again at the last day.

“And this is the will of him that sent me, that every one which seeth the Son, and believeth on him, may have everlasting life: and I will raise him up at the last day.”

The Savior achieved a perfect and divine level of submission to the Father by allowing His will to be swallowed up in the Father’s will. He once said, “And he that sent me is with me: the Father hath not left me alone; for I do always those things that please him.” In teaching the Prophet Joseph Smith about the anguish and agonies of the Atonement, the Savior said:

“For behold, I, God, have suffered these things for all, that they might not suffer if they would repent; ...

“Which suffering caused myself, even God, the greatest of all, to tremble because of pain, and to bleed at every pore, and to suffer both body and spirit—and would that I might not drink the bitter cup, and shrink—

“Nevertheless, glory be to the Father, and I partook and finished my preparations unto the children of men.”

During our sojourn in mortality, we often wrestle with what we think we know, what we think is best, and what we assume works for us,

tol na si Pablo ang mga hangaring ito bilang “[pagkakaroon ng] pag-iisip ni Cristo.” Tulad ng ipinakita ni Jesucristo, ang ibig sabihin nito ay “laging [paggawa ng] mga bagay na nakakalugod sa [Panginoon]” sa ating buhay, o tulad ng sinasabi ng ilang tao sa ating panahon, ito ay “paggawa ng kung ano ang naaayon sa Panginoon.”

Sa diwa ng ebanghelyo, ang “laging [paggawa ng] mga bagay na nakakalugod sa [Panginoon]” ay nauugnay sa pagpapasakop ng ating kalooban sa Kanyang kalooban. Ang Tagapagligtas ay maa-lalahaning itinuro ang kahalagahan ng alituntuning ito habang tinatagubilinan ang Kanyang mga disipulo:

“Sapagkat ako’y bumaba mula sa langit hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin.

“At ito ang kalooban ng nagsugo sa akin na sa lahat ng ibinigay niya sa akin ay huwag kong iwala ang anuman, kundi muli kong bubuhayin sa huling araw.

“Sapagkat ito ang kalooban ng aking Ama, na ang bawat nakakakita sa Anak at sa kanya’y sumampalataya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan, at muli ko siyang bubuhayin sa huling araw.”

Natamo ng Tagapagligtas ang perpekto at banal na antas ng pagpapasakop sa Ama sa pamamagitan ng pagtutulot sa Kanyang kalooban na mapasakop sa kalooban ng Ama. Minsan Niyang sinabi, “At siya na nagsugo sa akin ay kasama ko, hindi niya ako pinabayaang nag-iisa; sapagkat lagi kong ginagawa ang mga bagay na nakakalugod sa kanya.” Sa pagtuturo kay Propetang Joseph Smith tungkol sa matinding pagdurusa at sakit ng Pagbabayad-sala, sinabi ng Tagapagligtas:

“Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi; ...

“Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu—nagnais na kung maaari ay hindi ko lagukin ang mapait na saro at manliit—

“Gayon pa man, ang kaluwalhatian ay mapasa Ama, at ininom ko at tinapos ang aking paghahanda para sa mga anak ng tao.”

Habang tayo ay naglalakbay sa mortalidad, madalas na nalilito tayo sa inaakala nating alam natin, sa inaakala natin na pinakamainam at

as opposed to comprehending what Heavenly Father actually knows, what is eternally best, and what absolutely works for children within His plan. This great wrestle can become very complex, especially considering the prophecies contained in the scriptures for our day: “This know also, that in the last days ... men shall be lovers of their own selves, ...lovers of pleasures more than lovers of God.”

One sign that indicates fulfillment of this prophecy is the current growing trend in the world, adopted by so many, of people becoming consumed with themselves and constantly proclaiming, “No matter what, I live my own truth or I do what works for me.” As Paul the Apostle said, they “seek their own, not the things which are Jesus Christ’s.” This way of thinking is often justified as being “authentic” by those who indulge in self-centered pursuits, focus on personal preferences, or want to justify certain types of behavior that frequently don’t match God’s loving plan and His will for them. If we let our heart and mind embrace this way of thinking, we can create significant stumbling blocks for ourselves in acquiring the most priceless pearl that God has lovingly prepared for His children—eternal life.

While it is true that each of us travels an individualized discipleship journey on the covenant path, striving to keep our hearts and minds centered on Christ Jesus, we need to be careful and constantly vigilant to not be tempted to adopt this type of worldly philosophy in our life. Elder Quentin L. Cook said that “being sincerely Christlike is an even more important goal than being authentic.”

My dear friends, when we choose to let God be the most powerful influence in our life over our self-serving pursuits, we can make progress in our discipleship and increase our capacity to unite our mind and heart with the Savior. On the other hand, when we don’t allow God’s way

angkop para sa atin, sa halip na unawain kung ano talaga ang nalalaman ng Ama sa Langit, ano ang pinakamaganda sa walang hanggan, at ano ang lubos na angkop para sa mga anak na nakapaloob sa Kanyang plano. Ang malaking pagkalito na ito ay maaaring maging napakatin-di, lalo na kung iisipin ang mga propesiya sa mga banal na kasulatan para sa panahon natin: “Ngunit unawain mo ito, na sa mga huling araw ... ang mga tao’y magiging maibigin sa kanilang sarili, ... mga maibigin sa kalayawan sa halip na mga maibigin sa Diyos.”

Ang isang tanda na nagpapahiwatig ng katuparan ng propesiyang ito ay ang kasalukuyang nauuso sa mundo, na ginagawa ng napakarami, ng mga taong sa sarili lamang nakatuon at palaging nagsasabing, “Kahit ano pa ang isipin ng iba, gagawin ko kung ano sa tingin ko ang angkop para sa akin.” Tulad ng sinabi ni Apostol Pablo, “pinagsisikapan nila ... ang para sa kanilang sariling kapakanan, hindi ang mga bagay ni Jesucristo.” Ang ganitong paraan ng pag-iisip ay kadalasang pinangangatwiran na “tunay” ng mga taong nagpapakasasa sa mga makasariling hangarin, nagtutuon sa personal na kagustuhan, o nais pangatwiran ang mga partikular na uri ng pag-uugali na kadalasang hindi akma sa mapagpalang plano ng Diyos at sa Kanyang naisin para sa kanila. Kung hahayaan natin ang ating puso at isipan na tanggapin ang ganitong paraan ng pag-iisip, makagagawa tayo ng malaking balakid para sa ating sarili sa pagkuha ng pinakamahalagang perlas na mapagmahal na inihanda ng Diyos para sa Kanyang mga anak—ang buhay na walang hanggan.

Bagama’t totoo na bawat isa sa atin ay naglalakbay bilang indibiduwal sa pagiging disipulo sa landas ng tipan, na nagsisikap na panatilihin nakatuon ang ating puso at isipan kay Cristo Jesus, kailangan nating maging maingat at patuloy na maging mapagbantay upang hindi matuksona gayahin ang ganitong uri ng makamundong pilosopiya sa buhay natin. Sinabi ni Elder Quentin L. Cook na “ang tapat na pagiging tulad ni Cristo ay mas mahalagang mithiin kaysa pagiging tunay.”

Mahal kong mga kaibigan, kung pipiliin natin ang Diyos na maging pinakamakapangyarihang impluwensiya sa ating buhay nang higit sa mga makasariling hangarin, makasusulong tayo sa ating pagkadisipulo at madaragdagan ang ating kakayahang pag-isahin ang ating isipan at

to prevail in our life, we are left to ourselves, and without the Lord's inspiring guidance, we can justify almost anything we do or don't do. We can also make excuses for ourselves by doing things our own way, saying in effect, "I am just doing things my way."

On one occasion, while the Savior was declaring His doctrine, some people, particularly self-righteous Pharisees, rejected His message and boldly declared that they were children of Abraham, implying that their lineage would grant them special privileges in the sight of God. That mentality led them to lean unto their own understanding and to disbelieve what the Savior was teaching. The Pharisees' reaction to Jesus was clear evidence that their presumptuous attitude left no place in their hearts for the Savior's words and God's way. In response, Jesus wisely and courageously declared that if they were true covenant children of Abraham, they would do the works of Abraham, especially considering that the God of Abraham was standing before them and teaching them the truth at that very moment.

Brothers and sisters, as you can see, acting on these mental gymnastics of "what works for me" versus doing "what always pleases the Lord" is not a new trend that is unique to our day. It is an age-old mentality that has crossed the centuries and often blinds the wise-in-their-own-eyes and confuses and exhausts many of God's children. This mentality is, in fact, an old trick of the adversary; it is a deceptive path that carefully leads God's children away from the true and faithful covenant path. While personal circumstances such as genetics, geography, and physical and mental challenges do influence our journey, in things that truly matter, there is an inner space where we are free to choose whether or not we will decide to follow the pattern the Lord has prepared for our life. Truly, "He marked the path and led the way, and every point [defined]."

puso sa Tagapagligtas. Sa kabilang banda, kung hindi natin hahayaang manaig ang pamamaraan ng Diyos sa ating buhay, tayo ay maiiwan sa ating sarili, at dahil walang inspiradong patnubay ng Panginoon, maaari nating pangatwiran ang halos anumang bagay na ating gagawin o hindi gagawin. Maaari din tayong magdahilan para sa ating sarili sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay ayon sa ating paraan, na sa madaling salita, "Ginagawa ko lang ang mga bagay-bagay sa sarili kong paraan."

Sa isang pagkakataon, habang ipinahahayag ng Tagapagligtas ang Kanyang doktrina, hindi tinanggap ng ilang tao, lalo na ng mapagma-linis na mga Fariseo, ang Kanyang mensahe at tahasang sinabi na sila ay mga anak ni Abraham, na ipinahihwatig na ang kanilang pinagmulan ay makapagbibigay sa kanila ng espesyal na mga pribilehiyo sa paningin ng Diyos. Ang kaisipang iyan ay humantong sa pag-asa nila sa sarili nilang pang-unawa at hindi paniniwala sa itinuturo ng Tagapagligtas. Ang reaksiyon ng mga Fariseo kay Jesus ay malinaw na katibayan na ang kanilang mapangahas na ugali ay hindi nagbibigay ng puwang sa kanilang mga puso para sa mga salita ng Tagapagligtas at pamamaraan ng Diyos. Bilang tugon, matalino at matapang na sinabi ni Jesus na kung sila ay totoong pinagtipanang mga anak ni Abraham, gagawin nila ang mga gawain ni Abraham, na higit na isinasaalang-alang na ang Diyos ni Abraham ay nakatindig sa harapan nila at itinuturo sa kanila ang katotohanan sa mismong sandaling iyon.

Mga kapatid, tulad ng nauunawaan ninyo, ang pangangatwirang ito na gagawin ko "ang sa tingin ko ay angkop para sa akin" salungat sa gagawin "kung ano ang laging nakalulugod sa Panginoon" ay hindi isang bagong uso na kakaiba sa panahon natin. Ito ay isang napakatagal nang kaisipan na nagpatuloy sa mga siglo at kadalasang bumubulag sa mga tao na nag-aakalang sila lamang ang matalinoat nililito at nilililang ang marami sa mga anak ng Diyos. Ang kaisipang ito, sa katunayan, ay isang lumang panlilinlang ng kaaway; ito ay isang mapanlinlang na landas na dahan-dahang umaakay sa mga anak ng Diyos palayo mula sa totoo at tunay na landas ng tipan. Bagama't nakakaimpluwensya ang mga personal na kalagayan tulad ng genetics, heograpiya, at pisikal at mental na mga hamon sa ating mortal na paglalakbay, sa mga bagay na tunay na mahalaga, tayo ay may kakayahang mag-isip at malaya

As Christ's disciples, we desire to walk the path He marked for us during His mortal ministry. We not only desire to do His will and all that will please Him but also seek to emulate Him. As we strive to be true to every covenant we have entered into and live "by every word that proceedeth out of the mouth of God," we will be protected against falling victim to the sins and errors of the world—errors of philosophy and doctrine that would lead us away from those most precious pearls.

I have been personally inspired by how such spiritual submissiveness to God has impacted the lives of faithful disciples of Christ as they chose to do those things that work for and are pleasing in the sight of the Lord. I know a young man who was unsettled about going on a mission but felt inspired to go and serve the Lord when he listened to a senior leader of the Church sharing his own personal testimony and sacred experience of serving as a missionary.

In his own words, this young man, now a returned missionary, said: "As I listened to the testimony of an Apostle of the Savior Jesus Christ, I was able to feel of God's love for me, and I desired to share that love with others. At that moment I knew that I should serve a mission despite my fears, doubts, and concerns. I felt totally confident in the blessings and promises of God for His children. Today, I am a new person; I have a testimony that this gospel is true and that the Church of Jesus Christ has been restored on earth." This young man chose the Lord's way and became an example of a true disciple in every aspect.

A faithful young woman decided not to compromise her standards when she was asked to dress immodestly to fit into the business division of the fashion company where she worked. Understanding that her body is a sacred gift from

tayong pumilikung magdedesisyon tayong sumunod o hindi sa huwarang inihanda ng Panginoon para sa ating buhay. Tunay ngang "Namuno S'ya at landas ay tinuro, Lahat ng bagay ay [tinungo]."

Bilang mga disipulo ni Cristo, ninanais nating lumakad sa landas na Kanyang minarkahan para sa atin sa Kanyang mortal na ministryo. Hindi lamang natin ninanais na gawin ang Kanyang kalooban at lahat ng nakalulugod sa Kanya kundi hinahangad din nating tularan Siya. Habang tayo ay nagsisikap na maging tapat sa bawat tipan na ginawa natin at namumuhay nang naaayon sa "bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos," mapoprotektahan tayo upang hindi maging biktima ng mga kasalanan at kamalian sa mundo—kamalian ng mga pilosopiya at doktrinang aakay sa atin palayo sa pinakamahahalagang perlas.

Ako ay personal na nabigyang-inspirasyon ng kung gaano ang epekto ang gayong espirituwal na pagpapasakop sa Diyos sa buhay ng matatapat na disipulo ni Cristo nang piliin nilang gawin ang naaayon at nakalulugod sa Panginoon. May kilala akong kabataang lalaki na hindi sigurado kung siya ay magmimisyon pero nadama niyang dapat siang humayo at maglingkod sa Panginoon nang makinig siya sa isang senior na lider ng Simbahan na nagbahagi ng sariling personal na patotoo at sagradong karanasan ng paglilingkod bilang missionary.

Sa sarili niyang mga salita, ang kabataang ito, na ngayon ay isa nang returned missionary, ay nagsabi: "Habang nakikinig ako sa patotoo ng isang Apostol ng Tagapagligtas na si Jesucristo, nadama ko ang pagmamahal ng Diyos para sa akin, at ninais kong ibahagi ang pagmamahal na iyon sa iba. Sa sandaling iyon, nalaman ko na dapat akong magmisyon sa kabila ng takot, pagdududa, at alalahanin ko. Nadama ko ang buong pagtitiwala sa mga pagpapala at pangako ng Diyos para sa Kanyang mga anak. Ngayon, isa na akong bagong tao; May patotoo ako na ang ebanghelyong ito ay totoo at ang Simbahan ni Jesucristo ay naipanumbalik na sa daigdig." Pinili ng binatang ito ang paraan ng Panginoon at naging halimbawa ng isang tunay na disipulo sa lahat ng aspeto.

Isang matapat na dalaga ang nagdesisyong hindi ibababa ang kanyang mga pamantayan kapag hinilingan siyang magsuot ng hindi disenteng damit upang umangkop sa business division ng fashion company kung saan siya

our Heavenly Father and a place where the Spirit can dwell, she was moved to live by a standard higher than the world's. She not only gained the confidence of those who saw her living by the truth of the gospel of Jesus Christ but also preserved her job, which for a moment was in jeopardy. Her willingness to do what was pleasing in the sight of the Lord, rather than what worked for the world, gave her covenant confidence amidst difficult choices.

Brothers and sisters, we are constantly confronted by similar decisions in our daily journey. It takes a courageous and a willing heart to pause and pursue an honest and meek introspection to acknowledge the presence of weaknesses of the flesh in our life that may impede our ability to submit ourselves to God, and ultimately decide to adopt His way rather than our own. The ultimate test of our discipleship is found in our willingness to give up and lose our old self and submit our heart and our whole soul to God so that His will becomes ours.

One of the most glorious moments of mortality occurs when we discover the joy that comes when doing always those things that “work for and please the Lord” and “what works for us” become one and the same! To decisively and unquestioningly make the Lord's will our own requires majestic and heroic discipleship! At that sublime moment, we become consecrated to the Lord, and we totally yield our wills to Him. Such spiritual submissiveness, so to speak, is beautiful, powerful, and transformational.

I testify to you that following the Lord's will in our life will enable us to find the most precious pearl in the world—the kingdom of heaven. I pray that each of us, in our time and turn, will be able to declare, with covenant confidence, to our Heavenly Father and Savior Jesus Christ that “what works for Thee works for me.” I say these things in the sacred name of the Savior Jesus Christ, amen.

nagtatrabaho. Dahil nauunawaan niya na ang kanyang katawan ay sagradong kaloob mula sa ating Ama sa Langit at kung saan mananahan ang Espiritu, nahikayat siya na mamuhay ayon sa pamantayang mas mataas kaysa sa pamantayan ng mundo. Hindi lamang niya nakuha ang tiwala ng mga nakakita sa kanya na ipinamumuhay niya ang katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo kundi nanatili rin siya sa kanyang trabaho, na sa maikling panahon ay nanganib na mawala sa kanya. Ang kanyang kagustuhang gawin ang nakalulugod sa Panginoon, kaysa sa kagustuhan ng mundo, ang nagbigay sa kanya ng tiwala sa tipan sa gitna ng mahihirap na pagpili.

Mga kapatid, tayo ay patuloy na humaharap sa katulad na mga desisyon sa ating paglalakbay sa buhay sa araw-araw. Kailangan ang isang matapang at handang puso na tumigil sandali at tapat at mapagpakumbabang suriin ang sarili at kilalanin ang ating kahinaan na maaaring makahadlang sa kusa nating pagpapasakop ng ating sarili sa Diyos, at lubusang magdesisyong gawin ang Kanyang paraan sa halip na ang sarili nating paraan. Ang pinakamalaking pagsubok ng ating pagkadisipulo ay makikita sa ating kagustuhang isuko kung sino tayo noon at ipasakop ang ating puso at kaluluwa sa Diyos upang ang Kanyang naisin ay maging naisin natin.

Isa sa pinakadakilang sandali ng mortalidad ay nangyayari kapag natutuklasan natin na dumarating ang kaligayahan kapag ang palaging ginagawa natin na “naaayon at nakalulugod sa Panginoon” at “ang sa tingin natin ay angkop para sa atin” ay naging isa at magkatulad! Kailangan ang marangal at masigasig na pagkadisipulo upang tiyak at walang pagdududa na masunod natin ang kalooban ng Panginoon! Sa kahanaga-hangang sandaling iyon, tayo ay nagiging banal sa Panginoon at lubusang iniaayon ang ating kalooban sa Kanya. Ang gayong espirituwal na pagpapasakop, sa madaling salita, ay maganda, makapangyarihan, at nakapagpapabago.

Pinatotohanan ko sa inyo na ang pagsunod sa kalooban ng Panginoon sa buhay natin ay magbibigay sa atin ng kakayahang mahanap ang pinakamahalagang perlas sa mundo—ang kaharian ng langit. Dalangin ko na ang bawat isa sa atin, sa ating oras at panahon, ay maipahayag, nang may tiwala sa tipan, sa ating Ama sa Langit at Tagapagligtas na si Jesucristo na “kung ano po ang naaayon sa Inyo ay naaayon din po sa akin.” Sinasabi ko ang mga bagay na ito sa sagradong

pangalan ng Tagapagligtas na si Jesucristo, amen.